ISSN: 2546-0536

Masaganang Bagong Taon po sa lahat...

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 3 • Blg. 34 Dis. 31, 2018-Enero 6, 2019 • P10.00




## INA LABAN SA ANAK, KAPATID LABAN SA KAPATID SA CAVITE

pahina 2

## ESTUDYANTE, 'SINURO' NG 'SENGLOT' NA TSUPER

p. 5

## 2 BINATILYO 'TAGATAKBO' NG 'BATO' ARESTADO SA GENTRI

pahina 12

## YEAR ENDER ILAN LAMANG SA MGA NAGING KAGANAPAN SA PALAKASAN SA LOOB AT LABAS NG BANSA

pahina 6

## FILM TO ADDRESS AGUINALDO ISSUES UP FOR RELEASE NEXT YEAR

p. 9

## PROV'L ECONOMIC ACCOUNT NG CALABARZON IBINAHAGI SA DISSEMINATION FORUM

p. 7

## PULIS-CAVITE, BINUGBOG NA BINARIL PA SA PAGTUPAD SA TUNGKULIN

pahina 4

## KAWIT'S 'MAYTINIS' HIGHLIGHTS TRUE SPIRIT OF CHRISTMAS

pahina 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# INA LABAN SA ANAK, KAPATID LABAN SA KAPATID SA CAVITE

**IPINAKULONG ng isang ina ang kanyang anak gayundin ang isang nakababatang kapatid laban sa kanyang utol nang pagbantaan ng isang 27-anyos na lalaki at pagsisirain ang mga kagamtian ng sariling ina habang pinagbubutas ng pako ang gulong ng kotse ng nakatatandang kapatid ang kanyang utol sa magkahiwalay na insidente sa Cavite.**

Hawak ng Bacoor City Police si Jimbo Bernales, 27, binata, cook, dahil sa reklamo ng sarling ina na si Jocelyn Bernales, 53, kapwa residente ng Mangahan 2 Brgy. Habay II, Bacoor Ciy.

Sa ulat ni PO1 Edilberto Reyes, Jr., ng Bacoor City Police Station, pinagsisira ni Jimbo ang television, electric fan, burner stove, water jag, figurine at pinagbantaan nito ang sariling ina matapos itong magwala dahilan upang damputin ng mga brgy. officials ng Habay 11, Bacoor City, matapos magreklamo ang ina nito dakong alas-9:00 ng gabi.

Kasong Alarm and Scandal, Grave Threat at Malicious Mischief ang isinampa laban kay Jimbo.

Samantala, ipinaaresto rin ng isang 36-anyos na ginang ang nakatatanda nitong kapatid matapos na pakuan ng huli ang tatlong gulong ng sasakyan ng una na nakaparada sa tapat ng kanilang bahay sa Block 67 Lot 58 Bel-Aldea Subd., Brgy San Francsico, Gen Trias City dakong alas-5:00 ng madaling araw.

Sa reklamo ni Peachy Butler y Baguno, 36, may-asawa, kay PO1 Gideon Grijaldo ng Trece Martires City Police Station, nagalit umano ang kanyang nakatatandang kapatid na si Domer Baguno, binata ng Block 10 Lot 90 Karlaville Subd., Brgy Hugo Perez, Trece, Marires Ciy kaya kumuha umano ito ng martilyo at concreate nail saka binutas ang tatlong gulong ng sasakyan na Honda CRV (XGZ 886) ng kanyang kapatid na nakaparada sa harapan ng bahay ng huli.

Nag-ugat umano ang galit ni Domer dahil sa awayan nilang magkakapatid.

Gayunman, hindi naman ito pinalampas ni Peachy at pinadampot at kinsauhan ng Malicious Mischief ang kanyang kapatid. **GENE ADSUARA**

# Bilang ng namamatay na preso sa Cavite, nadagdagan na naman

**ISANG** preso ang namatay habang ginagamot sa ospital makaraang nakaramdam ng hirap sa paghinga, ang pang-29 sa kabuuang bilang ng mga namatay habang nakakulong sa Imus City Custodial Center sa Imus City, Cavite

Sa ulat ni PO2 John Carlo Punzalan, ng Bacor City Police Station, dakong alas-6:40 ng Biyernes ng umaga nang nakaramdam ng hirap sa paghinga habang nakakulong sa Imus City Custodial Center si Rodelio Alcoba, 45, may-asawa, isang negosyante at residente ng 454 Brgy Salinas, Bacoor City, Cavite kaya isinugod sa Ospital ng Imus City subalit namatay din ito habang ginagamot.

Inaresto at nakulong si Alcoba noong November 28, 2018 sa kasong paglabag sa Section 5 at 11 ng Art II ng R. A 9165 sa Imus City Custodial Center.

Sa datos, si Alcoba ang naitalang pang-29 sa bilang ng mga namatay na preso sa Cavite Custodial Center sa loob ng apat na buwan. **GENE ADSUARA**

# PIA, DOE conduct 'E-Power Mo' Multi-Sectoral forum in Quezon

**PAGBILAO, Quezon (PIA)**— Around 170 local residents of this town comprising teachers from private schools, students, and government workers attended the recently-held "E-Power Mo" Multi-Sectoral forum at Sentrong Pangkabuhayan Auditorium, Pagbilao, Quezon.

Organized by the Philippine Information Agency-Quezon, Region4A and the Department of Energy (DOE) in partnership with MERALCO-Lucena and the municipal government of Pagbilao, the said activity aimed to increase the level of awareness of the attendees on energy efficiency, energy conservation, and electrical safety.

Engr. John Salamero, Customer Sales Engineer of MERALCO-Lucena City discussed energy efficiency and conservation to the attendees of the forum.

He said that working near the power lines and installation of antennae near the power lines must be avoided to prevent any incident.

Engr. Mark Angelo de Guzman, also Customer Sales Engineer, on the other hand, gave some tips on electrical safety while Relationships Manager Anna Liza Ramos also from MERALCO-Lucena explained extensively the "MERALCO On-Line program."

Meanwhile, Pagbilao Mayor Sherrie Ann P. Palicpic discussed the vital role of teachers in disseminating information on the importance of energy efficiency and conservation to their students.

Mayor Palicpic also thanked the officers of MERALCO-Lucena City and the Philippine Information Agency-Quezon for conducting the "E-Power Mo" Multi-Sectoral forum in Pagbilao. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**

# MMDA to impose higher fines for illegal parking starting January

**MAKATI (PIA)**—The Metro Manila Development Authority (MMDA) will impose higher penalties for illegal parking and yellow lane violations effective January next year.

In a press briefing held Wednesday, MMDA General Manager Jojo Garcia said, drivers in Metro Manila have few more days to improve their habit of parking just anywhere or face increased penalty for illegal parking starting January 7.

Garcia said penalty for illegal parking for attended vehicles was raised to P1,000 from P200 currently; fine for illegal parking for unattended vehicles was increased to P2,000 from P500 currently; fine for obstructing the road was increased to P1,000 from P150 currently.

He also said that fine for public utility buses caught violating the 'yellow lane rule'—meaning leaving their designated lanes along major thoroughfare was increased to P1,000 from the current P500.

The penalty increase was based on regulations signed by the Metro Manila Council (MMC), the governing and policy-making body of the MMDA, recently.

"We are still fixing our ticketing collection system for traffic violations so we decided to move the implementation," said Garcia.

Once implemented, Garcia warned vehicle owners that they can be fined for illegal parking plus obstruction, twice a day for the same violations.

He also reminded motorists who park their vehicles in front their houses that they do not own the road.

"Vehicle owners thought that they own the road in front of their houses. They have benefited long enough. It's time for motorists and the government to utilize the thoroughfare," Garcia said.

Garcia reiterated that motorists are prohibited from parking their vehicles on all national highways, including Mabuhay lanes.

"This directive covers all public roads except in subdivisions and roads covered by existing parking ordinances," said Garcia. **(PIA-NCR)**

# Mister patay, angkas na misis sugatan

**PATAY** ang isang motorcycle rider habang sugatan ang asawa nitong nakaangkas nang banggain ng isang kotse sa isang palikong lugar sa Imus City, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Kawit Kalayaan Hospital ang biktimang si Leopoldo Omilig, 35, may-asawa, dahil sa matinding pinsala sa ulo habang ginagamot din sa nasabing ospital ang kanyang asawa na si Joan Omilig, 33, kapwa residente ng Block 7 Lot 73 Alder St., Ph 1 Lancaster Lane. Brgy Alapan 2 Imus City, Cavite dahil sa tinamong sugat sa mukha at ulo.

Hawak ng pulisya ang driver ng isang Toyota Vios Sedan, may conduction sticker na A4G777 na si Julius Decares, 35, binata ng Block 31, Lot 40 Venice St., Kingston 15, Lancaster New City, Imus City.

Sa ulat ni SPO2 Roldan Requioma, ng Imus City Police Station, minamaneho ni Omilig ang kanyang motorsiklong Honda (walang plaka) habang binabagtas ang kahabaan ng Brgy Tabon 1, Kawit, patungo sa direksiyon ng Manila at nakaangkas ang kanyang asawa nang banggain sila ng minamanehong kotse ni Deocares na galing naman sa Manila paliko sa direksiyon ng Abaya Road dakong alas 6:15 ng gabi.

Dahil dito bumagsak ang dalawa kung saan tumama ang ulo ni Leopoldo sa semento kaya kapwa isinugod sa ospital subalit idineklarang dead on arrival. **GENE ADSUARA**

# Duterte wants free elections for candidates, voters: Go

**MANILA** — President Rodrigo Duterte wants free elections, under which everyone can vote and run for public office, former Special Assistant to the President Christopher Lawrence "Bong" Go said.

In an interview with reporters at the 2018 National Anti-Drug Abuse Council Performance Award on Friday held at the Manila Hotel, Go said the President hates the abuses and political terrorism being committed by local government officials.

"This is democracy *para kay Pangulong* (for President) Duterte. *Bigyan po natin ng pagkakataon lahat na bumoto, lahat ng kandidato tumakbo at makakapagkampanya* freely *na walang takot. Ayaw ng Pangulong* Duterte *ng abuso,* even *nung* mayor *pa siya sa* Davao City. *Nag-o-*order *nga siya sa* police *na dapat* neutral *sila at ang militar walang kinikilingan* (Let us give everyone a chance to vote, all candidates to run and campaign freely without any fear. President Duterte does not like abuse, even when he was still mayor of Davao City. He even ordered the police to be neutral and the military to not take sides)," said Go, who is gunning for a Senate seat in the 2019 polls.

Reacting to questions on the case of Iloilo 1st District Rep. Richard Garin and Guimbal, Iloilo Mayor Oscar Garin, who allegedly mauled a police officer, Go echoed Duterte's sentiments of accountability for those responsible.

"*Kung sino po yung may kasalanan ay mananagot* (Whoever is responsible will be made accountable)," he said.

Go said investigations are also ongoing to identify those behind the slay of Ako Bicol party-list Rep. Rodel Batocabe, who was running for mayor of Daraga, Albay.

Duterte earlier said that terror should not be committed, regardless of whether the assailant is a government official or a plain citizen. ***(PNA)***

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Burara'

TAPOS na ang Pasko, alam naman natin na napakarami ang nagdiwang sa ilang parke o pasyalan.

Kagaya na lamang sa Luneta sa lungsod ng Maynila na isa sa mga paboritong pagdausan ng Pasko.

Pero dismayado ang EcoWaste Coalition dahil sa iniwanang bultu-bultong basura.

Sabi nga ni Anthony Dizon, Chemical Safety Campaigner ng organisasyon, nang makapanayam ng Bombo Radyo ay dismayado ang kanilang hanay.

Kitang-kita nga naman ang kawalan ng responsibilidad ng mga pamilya o grupo na nagtipon sa Luneta.

Pakatandaan po sana na ang Luneta o Rizal Park ay isang pasyalan at hindi tapunan ng basura.

Kung tutuusin ay malinis na dinatnan kaya nararapat lamang na malinis ding lilisanin ang lugar na iyon.

Pero bakit hindi nga ba magawa-gawa ng napakarami nating kababayan?

Ipinapakita lamang dito na bukod sa kawalan ng disiplina ay ang pagiging isang 'burara.'

Tama! Isang 'burara' dahil ganito ang karapat-dapat itawag sa hindi marunong maglinis o kumilala ng malinis na lugar o kapaligiran.

Komento nga ng grupo ay isa itong repleksyon ng kawalan ng respeto at malasakit kay Inang Kalikasan at maging sa ating kapwa.

Sa talaan ng ng Manila City Department of Public Services ay nasa 12-truck ang basurang nalikom.

Take note po ah, sa loob lamang ito ng dalawang araw.

Ang mga nalikom na basura ay kinabibilangan ng plastic, styro at tirang pagkain.

Tingnan po ninyo, tirang pagkain na pagpapakita ng pag-aaksaya na dapat ay tama lamang ang dalang baon.

Ano na nga ba ang nangyayari sa ating napakaraming kababayan, kailan kayo magbabago?

Ang mga tirang pagkain kapag panis na ay nagdudulot ng masangsang na amoy.

Kawawa rin naman ang mga palaboy na namumulot nito na hindi alintana kung panis na ba o hindi ang kakainin.

Sa pag-aaral ng Eco-Waste Coalition, mahigit sa 40,000-pounds ng basura ang naiipon ng mga tao kada-araw.

Pero kapag ganitong may mga okasyon kagaya ng Pasko ay dumodoble pa ito.

Sinusulat ko ito ay papaano na ngayong pagdiriwang ng New Year?

Sana naman ay mabawasan na ang mga 'burara' na tao dito sa mundo.




PATROL MOTORCYCLES FOR EFFICIENT PUBLIC SERVICES DELIVERY: Cavite Governor Boying Remulla formally handed the symbolic key for 26 units of multi-purpose vehicles known as Bokyo to the municipality of Amadeo on December 19, 2018, being one of the priority projects aligned with intensifying security and safety measures in every community. Amadeo Mayor Rading Viado and Liga ng mga Barangay (LnB) Federation President Florencio Cesicar along with co-chiefs of barangays who received the tricycle units thanked the governor and pledged that they will use the vehicles properly to further enhance mobility on monitoring public activities. Likewise, Vice Mayor Leo Angelo Bayot told barangay officials that everyone must be responsible for the maintenance of the vehicles for continuous and efficient delivery of services to constituents. Governor Remulla was also joined by his son, Indang Municipal Councilor Ping Remulla, along with Tanza Municipal Councilor Lito Langit, former Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel Dionisio and members of the Sangguninag Bayan. —(PICAD)

# EDITORYAL

## Bagong Taon, Bagong Buhay

**KAPAG panahon ng Kapaskuhan ay karaniwan na nating naririnig ang katagang pagbabago.**

**Ganoon din tuwing Bagong Taon, kabilang sa New Year's Resolution ang pagbabagong buhay.**

**Sa pagtatapos ng kasalukuyang taon at bago papasok ang panibagong taon ay sinasariwa ang mga pangyayari.**

**Maganda naman na nakikita ang mga pagkakamali o kahit iilan lamang.**

**Kasabay ay ang ipapangako sa sarili na kailangang mayroong babaguhin.**

**Ang katanungan nga lamang ay nangyayari at natutupad ban a kapag Bagong Taon ay dapat bagong buhay?**

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Subd. Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/**
**HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# PULIS-CAVITE, BINUGBOG NA BINARIL PA SA PAGTUPAD SA TUNGKULIN

**IMBES na mahanap ang isang nakatakas na preso, nasugatan ang isang Cavite police matapos na pagtulungang bugbugin at barilin sa hita ng isa sa tatlong humarang sa kanya sa paghahanap nito sa una sa Dasmarinas City, Cavite.**

Hawak ng Dasmarinas City Police Station ang mga naarestong suspek na sina Noel de Juan, 38, ng Block 19 Lot 1 Brgy. Paliparan, Dasmarinas City; Ryan Laguda, 27, ng Blk 19 Lot 1 Brgy. Paliparan 3; at Jun Tungia, 33, ng Purok 3 Magsaysay, San Pedro, Laguna.

Ginamot naman sa Pagamutan ng Dasmarinas City si PO1 Kristoffer Angelo T. Rodriguez, nakatalaga sa Dasmariñas City Police Station, dahil sa tama ng bala sa hita.

Sa ulat ni SPO1 Elmo Caboboy ng Dasmarinas CPS, nakatanggap ng tawag ang Dasmarinas CPS mula sa Pagamutan ng Dasmarinas City hinggil umano sa pagkakatakas ni Bobby Miclat, 42, ng South Ville 3, Poblacion, Muntinlupa City na naaresto dahil sa paglabag sa RA 9165 habnag sumasailaiim sa medical check-up.

Dahil dito, nagsagawa ng manhaunt operation ang pulisya dakong alas-7:30 ng gabi , kung saan nakatanggap ng tawag si PO1 Rodriguez na si Miclat ay namataan sa Viva Homes Subd., Brgy. Salawag, Dasmarinas City.

Sa pagtatanong ni Rodriguez, hinarang siya ng tatlong suspek na humantong sa mainitang pagtatalo, pinagtulungan siyang bugbugin at barilin ng isa sa kanyang hita kaya nakipambuno ito.

Dinala ang nasabing pulis sa ospital habang naaresto ang tatlong suspek sa isinagwang follow up operations habang patuloy ang paghahanap kay Miclat. **GENE ADSUARA**

# Back rider tigbak, driver sugatan sa van

PATAY ang isang 19-anyos na lalaki na angkas sa isang motorsiklo matapos na banggain at humapas ang ulo nito sa isang nakaparadang container van kung saan nakalagay ang mga dokumento sa korte sa Cavite City.

Namatay habang ginagamot sa Bautista Hospital ang bikimang si Vincent Simpas , binata, ng Brgy. 61A, Samonte Park, Cavite City habang sasailalim naman sa X-ray at CT scan ang driver ng isang kulay itim na motorsiklong Honda beat , walang plaka na si Ralph Goodfellow, 18, empleyado sa isang furniture at residente ng Brgy 60, Samanote Park, Cavite City.

Sa ulat ni PO1 Richard Glean, ng Cavite City Police Station, minamaneho ni Goodfellow ang kanyang motorsiklo at angkas naman ni Simpas at habang binabagtas ang kahabaan ng Samonte Park ng nabanggit na lungsod nang banggain nito ang isang nakaparadang container van kung saan nakalagay ang mga dokumento ng Cavite City, MTC Branch No. 1 dakong alas-12:05 ng tanghali.

Dahil sa lakas ng pagkakabangga, si Simpas ay tumilapon at humampas ang katawan nito sa van na nagresula sa kanyang kamatayan.

Nabatid na ang dalawang ay walang suot na helmet nang naganap ang insidente at wala rin umanong lisensiya sa pagmamaneho si Goodfellow.


Kasong paglabag sa Reckless Imprudence Resulting in homicide, damaged to property, paglabag sa RA 4136 (duty to procure license) at RA 10054 (motorcycle helmet Act of 2009) ang nakatakdang isampang kaso laban kay Goodfellow. GENE ADSUARA



Muling inilunsad ni Manila Mayor Joseph Erap Estrada ang kanyang taunang gift giving sa iba't ibang lugar sa lungsod. Inuna ni Mayor Estrada ang lugar ng Delpan, Tondo Complex, Patricia Playground at Senador Tolentino Sports Center sa Dapitan, Sampaloc, kasunod naman ang Manila City Jail, Damas Filipinas Manila City Jail, Baseco, at Parola Compound. **(Christian Heramis)**

# IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



## PAGHANDAAN BANTA NG MAYON AT ANG BAGONG TAON?

Hindi dapat maging kampante an gating govt. at ang mamamayan saan mang panig ng bansa dahilan nakakaapekto ang banta ng Mayon na kung saan bumuga na naman ng apoy at itong pagsapit ng Bagong Taon. Alam natin kapag sumapit ang petsang ito kinalaunan nabalitaan na lamang natin may mga nabiktima na pala ng mga paputok kung hindi sugatan may nawawalan ng buhay tulad din ito ng bulkan mayon na halos may mga napipinsala na pala ito gawa ng historical eruption na marami na pala ang nasasawi. So ibayong pag-iingat ang babala ng pagasa.

Hangad natin ang kapayapaan at sana sumunod tayo sa mga warning ng ating pamahalaan para din naman ito sa ating mga kapakanan upang mailayo sa kapahamakan. Ang problema marami talaga ang pasaway minsan pairalin natin ang pagdisiplina sa ating mga sarili at sumunod na lamang sa ikakabuti ng ating mga sarili at kaunting tiis lamang para sa ating mga sarili.

Isa pa ang dapat na tandaan nating mag eelection sa 2019 wala pa man may mga pangyayari na hindi ka nais- nais ang pagpaslang dito kay Ako Bicol Rep. Rodel Batocabe at kanyang escort police na pinaslang ng wala pang election na dinalaw naman ng dating pangulong speaker Gloria M. Arroyo ganon din ang ating Panulong Duterte na nagbitaw ng maanghang na pananalita laban don sa may kagagawan ng pagpaslang kay Batocabe at ginawa pang P50 million ang reward sa maka pagturo kung sino ang may tunay na may gawa nito. Subaybayan natin ito. Happy New Year To All.

Sa ating mga taga subaybay sa dyariong Hanep at taga pakinig sa Radio Bandido DZRJ 810 KHz 6:00 to 7:00 pm daily salamat po sa inyong lahat pwede kayong tumawag sa tel: 8954460/ 8978374 and text your own opinion to 09154796581 lahat ng calls ay aming pinagbibigyan phone in your calls without screening Or email : jojodemetilla@yahoo.com. And don't forget to like our page in Facebook **DZRJ 810AM - VOICE OF THE PHILIPPINES.**

# Salceda: Teknolohiya, paglago ng industriya isusulong ng Nuclear Regulation Act

PASADO na sa ikalawang pagbasa ng mababang kapulungan ng Kongreso ang

panukalang "Comprehensive Nuclear Regulation Act" (HB 8733) na magsusulong sa teknolohiya at paglago ng industriya. Layunin nito ang paglikha ng Philippine Nuclear Regulatory Commission (PNRC) at pagtatag at pagtalaga ng makabuluhang balangkas at sistema ng nuclear sa bansa.

Ayon kay Albay Rep. Joey Sarte Salceda na siyang naghain ng HB 8733 sa kamara, ang PNRC ay hiwalay na 'nuclear regulatory body' na tututok sa wasto at ligtas na paggamit sa 'nuclear' na yaman ng bansa, gaya ng sa China, South Korea, Japan, Australia, Singapore at iba pa. Isasailalim ito sa Department of Science and Technolohgy IDOST). Isa si House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo sa mga nagtutulak nito.

Ipinaliwanag ni Salceda na magiging kapaki-pakinabang ang wasto at ligtas na paggamit ng sistemang 'nuclear' sa agrikultura, kalusugan at medisina, paglikha ng kuryente, industriya, 'scientific research' at edukasyon. Kikilatisin din nito ang panganib mula sa 'ionizing radiation' at pangangalagaan ang kapaligiran at lipunan, habang masinop na titiyakin ang ligtas na pangangasiwa sa basurang 'nuclear.'

Kasama sa mga tungkulin ng PNRC ang pagbalangkas ng mga alituntunin sa pagpapatupad ng "Comprehensive Nuclear Regulation Act;" pagtatalaga ng mga pamantayan sa kakayanan ng mga kumpanyang lalahok sa mga programa nito; regular na inspeksiyon at tiyak na pagpapanagot ng mga ito sa paglabag sa mga alituntunin at kasiraang lilikhain nila; pakikipagugnayan sa ibang ahensiya sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, paghakot sa mga 'nuclear materials' at iba na naaayon sa mga alituntunin ng International Atomic Energy Agency (IAEA).

Pamumunuan ang PNRC ng isang Commissioner na aagapayang ng apat pang Deputy Commissioners at isang Executive Director na mangangasiwa sa mga tungkuling ehekutibo, administratibo at pagpaplano. May mandato rin ang ahensiya na maningil ng makatotohanang bayad para sa mga serbisyo nito na ilalagak naman sa Bureau of Treasury ng pamahalaan. Magtatatag din ito ng Nuclear Waste Management Fund mula sa benta ng lilikhaing kuryente na gagamitin sa wasto at tiyak na ligtas na pangangasiwa sa basurang 'nuclear.'

Magkakaroon din ng Advisory Board ang PNRC na pamamatnugutan ng DOST Secretary bilang chairman, at Health Secretary bilang vice chairman. Kasama nila sa naturang Board ang mga Kalihim ng Departments of Energy, National Defense, Environment and Natural Resources, Agriculture, Trade and Industry, at mga limang iba pa mula sa akademya at mga pribadong organisasyon.

May akmang mga kaparusahan ang mga lalabag sa bagong batas kasama ang pagkabilanggo ng hindi hihigit sa limang taon o multang P1 milyon hanggang P5 milyon. Ililipat din sa PNRC ang lahat ng kapangyarihan, responsibilidad at kagamitan ng kasalukuyang Philippine Nuclear Research Institute **(PNRI).**

# ESTUDYANTE, 'SINURO' NG 'SENGLOT' NA TSUPER

ISANG 20-anyos na estudyante ang sinuro o binangga ng isang owner type jeep na minamaneho ng isang lasing na driver sa Alfonso, Cavite.

Sinusulat ito ay inoobserbahan pa sa Tagaytay City Medical Center ang biktimamg si Gillen Chelzea Ruiz, ng Brgy Taywanak Ibaba, Alfonso.

Nakakulong sa Alfonso Municipal Police Station ang driver ng isang owner type jeep na si Densy Digma, 20, ng Sitio Pulo ni Sara, Brgy Pantihan IV, Maragondon, Cavite.

Sa ulat ni PO3 Boyet Soriano, ng Alfonso MPS, kababaha lamang ng biktima mula sa sinakyan nitong tricycle at habang nakatayo at nakaharap sa South direction sa bahagi ng Brgy. Taywanak Ibaba dakong alas-10:00 ng umaga nang banggain siya ng minamanehong sasakyan ni Digma at sakupin ang kabilang linya na patungo naman sa North direction sa naturang lugar.

Sa imbestigasyon, nabatid na lasing umano ang driver ng nasabing sasakyan.

Unang isinugod ang biktima sa Poblete Hospital sa Alfonso, Cavite subalit dahil sa pinasala na tinamo sa katawan ay inilipat ito sa Tagaytay City Medical Center habang inaresto naman ni Barangay Councilor Jonathan de Castro at Brgy. Tanod Leonilo de Castro ang suspek at dinala sa Alfonso Police. GENE ADSUARA




## MALIGAYANG PASKO AT MANIGONG BAGONG TAON SA MASUGID NA READERS NG HANEP D'YARYO NG BAYAN

Bago matapos ang taong 2018 ay isa pang malaking pakarera ang hahataw na sponsors ng Phlippine Racing Commission. Ang 2018 PHILRACOM JUVENILE CHAMPIONSHIP na patatakbuhin sa karera ng Santa Ana Park, Naic, Cavite, sa Disyembre 31,2018.

Ang mga deklaradong kalahok ang Forest Cover, Full Of Grace, Gatighan Island, Lady Mischief, Mona's Mark, Mood Swing, My Jopay, Obra Maestra, Oktubre Katorse, Royal Bell, Serifna at Toy For The Bigboy.

Tatakbuhin ito ng mga kalahok sa distansiyang 1600 Meters. May guaranteed prizes ito na P2,500,000 na hahatiin sa mananalong kabayo P1,500,000; sa Segundo P562,500; sa tersero P312,500; at sa pang-apat na darating sa finish line ay P125,000.

Inaaahan ng Bayang Kararista na magiging kapanapanabik ang huling karera ng taong 2018.

OOO

Nagtatanong o hindi kaya ay nagtataka ngayon ang Bayang Karerista kung bakit binabanggit pa daw ng Club Announcer ang pangalan ng horse owner ng mananalo. Minsan daw ay nauuna pang banggitin ang pangalan ng horse owner kesa sa KABAYONG mananalo.

Kadalasan huli na o hindi agad nababanggit ang mga kabayong darating pa sa finish line.

**BAGONG STYLE DAW BA ITO NG MGA CLUB ANNOUNCER SA PAGTAWAG NG KARERA!**

OOO

Ang isa pang tanong ng Bayang Karerista, bakit wala daw napapatawan ng suspension ang mga karapalan pagrerenda ng ilang hinete lalo na ang mga Class A jockey.

Napapanood ng Bayang Karerista sa TV monitor sa mga OTB kung paano gawaan ng paraan ng isang hinete ang kanyang sakay na Mega Outstanding sa betting na ipatalo ito.

Hindi pa daw ito nakikita ng mga Board Of Stewards ng tuwing sa araw ng karera. Mga Board Of Stewards ng tatlong karerahan idilat naman daw ninyo ang inyong mga **MALALAKING MATA!**

OOO

Ang kabayong tapos iparada sa harap ng mga judges at sa Bayang Karerista ay dapat daw FIT TO RUN na ang mga ito dahil nainspeksyon na ang mga ito.

Bakit pagdating sa likod ng starting gate ay may biglang na scratch na kalahok. Ano ba daw talaga ang totoo at biglang scratch ang kalahok sa race na tatakbo. Madalas ang Oustanding na kalahok na kabayo ang na iiscratch at dahil dito nanalo ang dadadong kabayo.

Hindi lang ito ang napapansin ng Bayang Karerista, lagi daw delayed kung bitawan o patakbuhin ang karera.

Dapat daw ON TIME ang karerang bibitawan o patatakbuhin para on time din ang pagtaya ng isang karerista.

OOO

Puna pa ng Bayang Karerista kung bakit daw pinapayagang ang mga Machine Teller ng mga OTB na gumamit ng kanilang Celpone sa pagtanggap ng mga taya. Dapat daw ay ipagbawal na ito.

Madalas inuuna pa ng mga OTB machine Teller ang tumataya sa kanilang mga Celpone. Hindi nila napapansin ang haba ng pila ng mga mananaya sa kanilang harapan.

May mga bastos din daw na mga Machine Teller dahil naninigaw ang mga ito sa mga mananaya kung may kaunti pagkakamali sa pagtaya.

Dapat maayos ang pakikiharap ng mga Machine Teller sa mga mananaya dahil kung walang tumataya walang kikitain ang isang OTB.

**YUN LANG PO!**

OOO

Kung gusto ninyo ng magandang security service tawag lang po kayo sa TELLUS SECURITY AGENCY INC. na matatagpuan sa No. 51 Cambridge Street, Brgy. E. Rodriquez Sr., Cubao, Quezon City 1014 Manila, Philippines. Tel. No. 937-6130 / 3712090. Mobile No. 0995-3982910 (Globe) 0932-2422911 (Sun).

Pag-aari ito ng isang retired na police PSSUPT Ernesto Fojas, Jr.

OOO

**MAIGAYANG PASKO AT MANIGONG BAGONG TAON SA AKING MGA KAIBIGAN!**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**UNITED COCONUT PLANTERS BANK,**
Mortgagee,

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C CASE NO. 16541-18**

**-versus-**

**NERISSA A. BRAVO, for herself and as Atty.-in-Fact of her husband, ANGELO D. BRAVO,**
Mortgagors.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by **UNITED COCONUT PLANTERS BANK,** Mortgagee,with principal place of business at UCPB Executive Bldg., Makati Avenue, Makati City against, **NERISSA A. BRAVO, for herself and as Atty.-in-Fact of her husband, ANGELO D. BRAVO**, Mortgagors, with residential and postal address at No. 82 Basilo St., Acacia, Malabon and Lot 6, Blk. 2 Summit @ Ridgecrest, Bo. Pasong Buaya, Imus,Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of September 10, 2018 amounts to **TWO MILLION FIVE HUNDRED THOUSAND FIVE HUNDRED FIFTY FIVE PESOS & 10/100 (P2,500,555.10),** Philippine Currency, including interest and penalties, attorney's fees but excluding sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned will sell at public auction on **January 22, 2019** at 10:00 A.M. or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2014046259**

"A parcel of land (Lot 6, Blk.2 of the subd. Plan, Psd-04-196070, being a portion of Lot 6522, Imus Estate L.R.C. Rec. No. 8843), situated in the Barrio of P. Buaya, Mun. of Imus, Prov. Of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 5, Blk.2; on the SW., along line 2-3 by Lot 4, Blk.2; on the NW., along line 3-4 by Road Lot 8 and on the NE., along line 4-1 by Lot 8, Blk.2, all of the subd. Plan. x x x containing an area of EIGHTY (80) SQ. METERS." x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date, it shall be held on **January 29, 2019 at 10:00 A.M.** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Trece Martires City, **December 5, 2018**

**WILMAR M. DE VILLA**
Sheriff IV

APPROVED:

**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex-Oficio Sheriff

**Copy Furnished:**
**UNITED COCONUT PLANTERS BANK**
UCPB Executive Building
Makati Ave., Makati City

**SPS. NERISSA A. BRAVO AND ANGELO D. BRAVO**
No. 82 Basilio St, Acacia, Malabon and
Lot 6, Blk. 2 Summit @ Ridgecrest, Bo. Pasong Buaya, Imus,Cavite

**PUBLICATION: HANEP** December 17, 24 & 31, 2018

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

# YEAR ENDER ILAN LAMANG SA MGA NAGING KAGANAPAN SA PALAKASAN SA LOOB AT LABAS NG BANSA

**ENERO**

Dumalo sa Philippine Sportwriter Association ang OIC ng PBA Philippine Basketball Association na si Willie Marcial hindi nag tagal siya ang naitalaga bilang Commissioner ng naturang ahensiya. Habang sumibol naman ang bagong media sports group ito ay ang TOPS Tabloid Organization in Philippine Sports sa pagkakaisa ng mga sports editor

**PEBRERO**

Sa buwan na ito ay malugod namang tinanggap ni Sports Patron Go Teng Kok ang alok ng TOPS upang kumatawan bilang honarary Adviser. Ayon naman sa ama ng sports sa bansa PSC Chaiman William "butch" Ramirez palakasin ang sports Grassroots dahil sa responsibilidad pa rin ang pagkalinga sa mga batang pinoy.

**MARSO**

Sumargo sa 10-Ball Jogja Open sa Rama Billiard Jogyakartasan Sewandenovia Pakualam Jogyakarta, Indonesia si Carlo Biado, habang personal na binati naman ito ni ABC President Marlon "Marvelous" Manalo bilang PSA Athlete of the Year si Biado.

**ABRIL**

Nag bunyi ang NU Men sa matagumpay nilang Tatlong sunod na pagiging kampeon sa larangan ng chess kung saan nag tapos ang UAAP Men's Chess Championships season 80 sa University of Sto Thomas. Pinahayag naman ni PATAFA President Philip Juico ang magaganap na APAC Ayala Philippine Athletics Championships sa Ilagan City.

**MAYO**

Nanumpa sa kani-kanilang tungkulin ang mga bagong opisyal ng PBF Philippine Bowling Federation sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Steve E. Robles Sec General Olivia Bong Co. Paeng Nepomuceno at iba pang opisyal sa harap ni POC President Victorico Vargas. Tinalakay naman sa isang press conference ni PSC Chairman William Ramirez ang patungkol sa United State Sports Academy sa bansa at ang kahandaan para nakatakdang PNG Philippine National Games sa Cebu City.

**HUNYO**

Mahalagang nagpaliwanag si SBP Executive Director Renauld Barrios patungkol sa FIBA 3X3 World Cup 2018 sa Philippine Arena Bucaue Bulacan. Matagumpay namang naisagawa ang Marlon Manalo Basketball tournament na ginanap sa Barangay Malamig Manadaluyong City.

**HULYO**

Nakamtan ang kampeonato sa PECA Philippine Executive Chess Association 6th leg Open Rapid Chess ni IM Jan Emmanuel Garcia. Habang subrang aksyon nag sakitan naman ang naging kaganapan sa pagitan ng Philippine Gilas team at ng Australia Team sa kanilang pag haharap sa FIBA World 2019 Asian Qualifiers na ginanap sa Philippine Arena sa Bucaue, Bulacan

**AGOSTO**

Pinarangalan ng Baguio City ang may 20 PADA Person with Disability Athletes kung saan nagkamit ng mga medalyang ginto sa katatapos na Philippine PADA National Games na ginanap sa Marikina City. Nag pasalamat naman si Peter Cayco sa muli nitong pagka halal bilang pangulo muli ng LVPI sa kanyang pagdalo sa PSA Forum.

**SEPTEMBRE**

Kampeon ang pinoy na si FIDE Master Elect Robert Suelo Jr. sa nilahukan nitong Asean Chess Academy Rapid Open Chess Championship sa Bukit Timah Shopping Center Singapore. Pormal namang nagbigay ng insperational talk para mga kabataang kalahok sa taekwando at mga magulang nito si PTA Grandmaster Sun Chong Hong bago pasimulan ang National Inter School Taekwando Championships sa Rizal Memorial Coliseum.

**OKTUBRE**

Si world class bowler Philippine bet Kenzo Umali ang tinanghal na Bronze Medalist sa nilahukan nitong 19th Asian School Tenpin Bowling Championship sa Taichung Chinese Taipei.

**NOVEMBER**

Tagumpay October Bike Fest 2018 year 2 sa SM Sta Rosa sa pagtatataguyod ng dating sec general ng Philippine Cycling Armando Manding Bautista kung saan siya ang nag bigay hudyat para pasimulan ang bike fest. Ginanap naman sa Tagaytay International Convention Center ang FIDE seminar para International Organizer kung saan si world chess Federation lecturer Casto "toti" Abundo ang siyang nangasiwa sa naturang okasyon.

**DECEMBER**

Tunay na pinatunayan ni Magnolia Hotshot head coach Chito Victolero ang kanilang kakayahan upang makamit ang kampeonato kontra Alaska Aces sa game 6 ng 2018 PBA Governors Cup sa Ynarez Center Antipolo bago matapos ang 2018 nakamtan naman ni WGM Janelle Mae Frayna ang 4th place sa Women's Blitz sa pagtatapos ng ng 17th Asian Contenintal Chess Championships( 2nd Manny Pacquiao Cup) sa Tiara Oriental Hotel Makati City.



**TENNIS -** HANDA sa pag hataw ng bola si Rupert Ohrele Tortal pabalik sa Katunggaling si Joewyn Pascua sa mahigpit na tagisan nila sa PSC Philta Age Group tennis sa Rizal Memorial Tennis Center **(RGN)**

# FM Elorta kampeon sa Chess Circle Club-All Masters Rapid

**SI FIDE Master David Elorta** ang itinanghal na kampeon sa one-day tough Chess Circle Club-All Masters Rapid chess tournament na nagtapus nitong Sabado, Disyembre 22, 2018 na ginanap sa second floor Activity Hall ng Alphaland Makati Place sa Malugay Street, Makati City.

Si Elorta na ipinagmamalaki ng Tarrasch Knight Chess Club sa Guadalupe Mall ay nakaipon ng 6.0 points para magkampeon sa seven-round tournament at maibulsa ang top purse P10,000 at “Eugene Torre Trophy” sa National Chess Federation of the Philippines sanctioned tournament na inorganisa nina Chess Circle Club International founding head/ president Leonardo "Nards" Jimenez at vice president Exy Perez sa pakikipagtulungan nina Asia's First Grandmaster Eugene Torre, Lea Bautista at Alphaland Corporation na nilahukan ng 26 country's chess masters.

Nakopo naman nina Grandmaster Darwin Laylo, Fide Master Nelson "Elo" Mariano III at International Master Angelo Young ang second, third at fourth place na may tig 5.0 points.

Nanguna naman si International Master Oliver Dimakiling sa huge group ng 4.0 pointers kasama sina National Master Noel dela Cruz, National Master Edgardo Garma, National Master Edmundo Gatus, National Master Giovanni Mejia, Woman International Master Marie Antoinette San Diego, Fide Master Narquingden Reyes at Fide Master Randy Segarra.

Kasama ni San Diego sina Woman Fide Master Allaney Gia Doroy at Woman Fide Master Samantha Glo Revita ang nanalo sa top three lady award habang nakamit naman ni Fide Master Adrian Ros Pacis ang top senior plum.

Matatandaan na si Elorta ang kampeon sa 2nd Canon Carlsen Kasparov Chess Club's Weekly Open Rapid Chess Tournament (Open division) na pinamagatang Imus Open Rapid Chess Championship na ginanap sa City Mall along Aguinaldo Highway sa Imus, Cavite nitong Oktubre 21, 2018.

Kamakailan lang ay naghari din si Elorta sa Christmas Open Blitz Chess Tournament na pinamagatang "Pamaskong Alay ng Ajedrez Blitz Fun Palaro at Pagtipon-tipon" na ginanap sa Philippine Academy For Chess Excellence (PACE) number 56 Mindanao Avenue, Project 6, Quezon City

.-Marlon Bernardino-



**AWARDING CHESS -** TINANGAP ni FIDE Master David Ilorta ang giant trophy mula kay Chess Circle Club International president Leonardo "nards" Jimenez makaraang mag kampeon si Ilorta sa ginanap na Chess Circle All Master Rapid Chess GM Eugene Torre Cup sa Alphaland Makati. Kasama sa larawan sila CCCI Secretary General Lea Bautista, NCFP Executive Director Red Dumuk at CCCI VP Exy Perez **(RGN)**

# PROV'L ECONOMIC ACCOUNT NG CALABARZON IBINAHAGI SA DISSEMINATION FORUM

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)- Ibinahagi sa isinagawang Provincial Dissemination Forum para sa Lalawigan ng Batangas ang Provincial Economic Accounts (PEA) ng CALABARZON sa Provincial Planning and Development Office (PPDO) Conference Room, sa Provincial Capitol kamakailan dito sa lungsod.**

